

2025

Mga Mapagkukunan ng American Sign Language sa Virginia



Virginia Department for the
Deaf and Hard of Hearing



COMMONWEALTH of VIRGINIA

ERIC H. RAFF
DIREKTOR

Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig
1602 ROLLING HILLS DRIVE, SUITE 203
HENRICO, VIRGINIA 23229-5012

(804) 662-9502 V
(800) 552-7917 V
(804) 325-1290 VP
(804) 662-9718 FAX
www.vddhh.virginia.gov

Ang Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia (Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing, VDDHH) ay nalulugod na ibigay sa iyo ang listahang ito ng mga mapagkukunan para sa pag-aaral ng American Sign Language (ASL) sa Commonwealth of Virginia. Ang ilan sa mga nakalistang mapagkukunan ay maaaring ma-access nang libre, habang ang iba ay maaaring mangailangan ng bayad. Kasama sa listahang ito ng mga mapagkukunan ang impormasyon tungkol sa mga aralin at klase sa komunidad, na karaniwang pinangungunahan ng mga miyembro ng mga lokal na komunidad ng Bingi sa pamamagitan ng mga pribadong organisasyon. Kasama rin sa listahan ng mga mapagkukunan ang impormasyon tungkol sa mga kursong may kredito sa kolehiyo sa pagsasanay ng ASL at/o interpreter. Ang mga estudyante ng ASL ay nagsisikap na maging matatas sa ASL bilang isang wikang banyaga; ang mga estudyante ng interpreter ay nagsisikap na maging mahusay sa interpreting sa pagitan ng ASL at Ingles. Kasama rin sa listahan ng mga mapagkukunang ito ang mga iminumungkahing website kung saan makakahanap ka ng mga aralin, video, o app para sa pag-aaral ng ASL. Ang listahang ito ng mga mapagkukunan ay hindi nilayong maging kumpleto, at pana-panahong ia-update.

Nagsusumikap ang VDDHH na bawasan ang mga hadlang sa komunikasyon sa pagitan ng mga taong Bingi o mahina ang pandinig at ng mga nakakarinig, kabilang ang mga miyembro ng pamilya, mga provider ng serbisyo, at ang publiko. Bilang bahagi ng misyong ito, ang aming ahensya ay tumutugon sa mga kahilingan para sa impormasyon at mga referral tungkol sa iba't ibang paksang may kaugnayan sa pagkabingi kasama ang, ngunit hindi limitado sa tassistive technology, mga paraan ng komunikasyon, captioning, hearing aid, interpreting, telecommunications, at sign language. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa VDDHH sa pamamagitan ng telepono sa (804) 662-9502, videophone sa (804) 325-1290, o sa pamamagitan ng pag-email sa info@vddhh.virginia.gov.

Pinasasalamatan namin ang iyong interes sa Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia. Salamat sa pagpapahintulot na mapaglingkuran ka namin.

Pagtatatuwa: Ang mga nilalamang nakapaloob dito ay ibinigay bilang paggalang para sa pagbibigay ng impormasyon at hindi dapat bigyang-kahulugan bilang isang pag-endorso ng Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia (Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing, VDDHH). Hindi kinokontrol, sinusubaybayan o ginagarantiyahan ng VDDHH ang kawatuhan o kalidad ng impormasyon, opinyon, produkto, serbisyo, at mapagkukunang ibinibigay ng anumang organisasyon na nakalista rito. Ang VDDHH ay hindi umaako ng anumang responsibilidad o pananagutan para sa anumang pinsala, o pagkawala na dulot ng o may kaugnayan sa paggamit o pag-asa sa anumang impormasyon, opinyon, produkto, serbisyo, o mapagkukunang ibinibigay ng anumang organisasyong nakalista rito. Maaaring may naaangkop na ilang bayarin.



Talaan ng Nilalaman

Tungkol sa American Sign Language	4
Mga Klase ng ASL sa Komunidad	5
Mga High School na Nagbibigay ng mga Klase ng ASL	7
Mga Kolehiyo na Nag-aalok ng mga Klase ng ASL	7
Mga Kolehiyo na Nagbibigay ng mga Klase ng ITP	9
Mga Online na Mapagkukunan	
Mga Website	10
Mga YouTube Channel	11
Mga Mobile App	11



Tungkol sa American Sign Language

Ang American Sign Language (ASL) ay isang natural na wika, na maaaring matanggap nang visual o sa pamamagitan ng paghawak. Ang ASL ang pangunahing wika ng mga Bingi sa Hilagang Amerika, ngunit marami pang ibang sign language na ginagamit sa buong mundo. Nagmula ang ASL mga 200 taon na ang nakalilipas sa pamamagitan ng pagsama ng sign language indigenous sa United States at French Sign Language. Ang ASL ay ipinapahayag sa pamamagitan ng mga galaw ng kamay at katawan, at mga ekspresyon ng mukha, at mayroon itong sariling gramatika, syntax, at bokabularyo, na hiwalay sa Ingles.

Makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa American Sign Language sa pamamagitan ng:



National Association of the Deaf

[NAD - National Association of the Deaf](#)



National Institute on Deafness and
Other Communication Disorders (NIDCD)

[Ano ang American Sign Language \(ASL\)? | NIDCD](#)



Wikipedia: The Free Encyclopedia


[American Sign Language - Wikipedia](#)

WIKIPEDIA
The Free Encyclopedia



Encyclopedia Britannica

[American Sign Language \(ASL\) | Mga Detalye at Kasaysayan | Britannica](#)



Mga Klase ng American Sign Language (ASL) sa Komunidad

Chesterfield

Adult Continuing Education – Chesterfield County Public Schools

Career and Technical Center @ Hull Street

13900 Hull Street Road

Midlothian, VA 23112

Tanggapan: (804) 768-6140

Website: [Activity search | Chesterfield Adult Education - Online Class Registration](#)

Ang Adult Continuing Education sa pamamagitan ng Chesterfield County Public Schools ay nagbibigay sa mga indibidwal, edad 13 at sa ASL 1 at 2 sa Career and Technical Center @ Hull Street para sa 14 na session bawat isa. Tingnan ang kanilang link para sa pagpaparehistro sa online class para sa higit pang impormasyon.

Fairfax

Adult & Community Education – Fairfax County Public Schools

Tanggapan: (703) 658-1201

Email: aceonline@fcps.edu

Website: [ASL Classes - FCPS Adult and Community Education](#)

Ang Adult & Community Education sa pamamagitan ng Fairfax County Public Schools ay nagbibigay sa mga nasa hustong gulang edad 18 at pataas ng ASL 1, 2, at mga klase ng Conversational ASL dalawang beses sa isang taon sa loob ng 10 linggo.

Fredericksburg

disAbility Resource Center

409 Progress Street

Fredericksburg, VA 22401

Tanggapan: (540) 373-2559 (Voice)

Tanggapan: (540) 373-5890 (TTY)

Tanggapan: (540) 645-5378 (Videophone)

Email: drc@cildrc.org

Website: [Activities & Events - disAbility Resource Center](#)

Lynchburg

Blue Ridge ASL Services, LLC

704 Biltmore Avenue

Lynchburg, VA 24502

Tanggapan: (434) 473-6632

Email: info@blueridgeaslservices.com

Website: www.blueridgeaslservices.com

Nagbibigay ang Blue Ridge ASL Services ng malawak na hanay ng mga klase na nagsisilbi sa mga indibidwal na may iba't ibang antas ng kasanayan at interes sa pag-aaral ng American Sign Language.



Oakton

Northern Virginia Resource Center for Deaf and Hard of Hearing Persons (NVRC)

10467 White Granite Drive, Suite 312

Oakton, VA 22124

Tanggapan: (703) 352-9055 (Voice)

Email: info@nvrc.org

Website: [Contact - Northern Virginia Resource Center for Deaf and Hard of Hearing Persons](#)

Tingnan ang NVRC para sa kasalukuyang availability ng mga klase ng American Sign Language.

Richmond

ASL Champs

Email: Jennifer@aslchamps.org

Website: [ASL Champs – Empower the People](#)

Nagbibigay ang ASL Champs ng 8 linggong virtual na mga klase ng American Sign Language sa komunidad sa publiko nang 5 hanggang 6 na beses sa isang taon. Available ang mga pribadong klase at tutoring kapag hiniling.

Staunton

The Virginia School for the Deaf and the Blind (VSDB)

Robin Bliven, Director of Outreach Services

Office: (252) 258-0813

Email: robin.bliven@vsdb.k12.va.us

Website: [Outreach and Family Engagement | The Virginia School for the Deaf and the Blind](#) Ang VSDB

Outreach and Family Engagement ay nagsisilbi sa mga bata, pamilya, at mga tagapagturo sa buong Commonwealth of Virginia. Ang aming tlayunin ay tulungan ang lahat ng tagapagturo sa Virginia na mas matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante na bingi/mahina ang pandinig, bulag/may kapansanan sa paningin, o bingi/bulag, at ang kanilang mga pamilya. VSDB Outreach and Family Engagement ay pinopondohan sa pamamagitan ng isang grant mula sa Virginia Department of Education. Serye ng Video ng ASL para sa Pamilya: [Mga Aralin sa ASL ng Pamilya | The Virginia School for the Deaf and the Blind](#)

Suffolk

Gestures of Love Community Enrichment Corp

4221 Coltrane Avenue

Suffolk, VA 23435

Pangunahin: (757) 672-1606

Email: info@gesturesoflovecorp.com

Website: <https://gesturesoflovecorp.com>

Ang layunin ng Gestures of Love ay itaguyod ang isang mas malusog na relasyon at koneksyon sa pagitan ng komunidad ng mga Bingi at nakakrinig sa pamamagitan ng pagtagumpayan ang mga hadlang sa komunikasyon sa pamamagitan ng edukasyon at pagtuturo ng magandang wika ng pasenyas.

Virginia Beach

Adult Learning Center – Virginia Beach Schools

5100 Cleveland Street

Virginia Beach, VA 23462

Tanggapan (757) 648-6050 ext. 0

Website: www.alc.vbschools.com

Ang Adult Learning Center sa pamamagitan ng Virginia Beach Schools ay nag-aalok ng mga klase sa ASL 1 at 2 para sa adulto na 18 taong gulang pataas sa loob ng 8 linggo. Sumangguni sa Catalog ng Kurso na available sa kanilang website para sa mga petsa.

ASL FOR YOU

Tanggapan: (919) 723-6122

Email: lizhare@aslforyou.com

Website: www.aslforyou.com

Ang ASL for YOU ay isang pangkat ng mga ekspertong instruktur na nag-aalok ng mga indibidwal na sesyon ng American Sign Language. Ang bawat sesyon ay dinisenyo upang hayaan kang matuto sa sarili mong bilis, at ibinabahagi namin ang lahat ng aming materyales pagkatapos ng bawat sesyon upang magamit mo ang mga ito sa pagrerepaso. Nakikipagtulungan din kami sa mga pamilya at sinusuportahan ang mga batang Bingi at May Kapansanan sa Pandinig.

Yorktown

Crossroads Community Church

1420 Lakeside Drive


Yorktown, VA 23692

Tanggapan: (757) 898-4335 (mag-iwan ng mensahe kung gusto mng tawagan ka)

Email: office@crossroads.cc

Website: www.crossroads.cc/deaf-ministry

Ang Crossroads Community Church ay nagbibigay ng mga klase sa ASL 1, 2, at 3 paminsan-minsan, mangyaring makipag-ugnayan para sa higit pang detalye.



Mga High School na Nagbibigay ng mga Klase ng American Sign Language (ASL)

Impormasyon sa buong estado tungkol sa mga kurso ng ASL para sa High School Credit

Lisa A. Harris, Ed.D.

Specialist for World Languages and International Education

Virginia Department of Education

Tanggapan: (804) 750-8083

Email: lisa.harris@doe.virginia.gov

Website: www.doe.virginia.gov/teaching-learning-assessment/instruction/world-language



Mga Kolehiyo na Nagbibigay ng mga Klase ng American Sign Language (ASL)

Maaaring ialok ang kredito sa kolehiyo para sa mga kurso sa American Sign Language. Ang mga estuyante ng ASL ay nagsisikap na maging mahusay sa ASL bilang isang wikang banyaga. Ang listahan ng mga Programa sa Pagsasanay ng Interpreter ay makikita sa pahina 9.



Virginia Community Colleges – Statewide (23 na mga community college)

Website: <https://courses.vccs.edu/colleges>

I-click ang “Courses.” Pagkatapos ay i-type sa search box: “American Sign Language”

Komprehensibo ang listahan ng mga antas ng kurso at sa kanang column ay ipinapakita kung aling mga mga community college ang nagbibigay ng klaseng pinili mo. Mag-click sa community college na napili mo. Ilo-load nito ang detalyadong impormasyon ng kurso

Charlottesville

University of Virginia

Grep Propp

P.O. Box 40080

258 Cabell Hall

Charlottesville, VA 22904-4808

Tanggapan: (434) 924-6691 (Voice)

Tanggapan: (434) 566-0213 (Videophone)

Email: gp5c@virginia.edu

Website: <https://asl.virginia.edu/asl-program>

Fairfax

George Mason University

College of Education and Human Development

4400 University Drive, MS 1F2

Fairfax, VA 22030

Tanggapan: (703) 993-5040

Website: <https://gse.gmu.edu/special-education/american-sign-language>

Lynchburg

Liberty University

1971 University Boulevard

Lynchburg, VA 24515

Tanggapan: (434) 592-4025

Email: modernlanguages@liberty.edu

Website: [BA in American Sign Language & Interpreting | College of Arts & Sciences | Liberty University](#)

Norfolk

Old Dominion University

5115 Hampton Boulevard

Norfolk, VA 23529

Tanggapan: (757) 683-3685

Website: <https://catalog.odu.edu/course-search/> Key Word: American Sign Language

Radford

Radford University
105 Heth Hall
P.O. Box 6904
Radford, VA 24142
Tanggapan: (540) 831-5549
Website: [American Sign Language](#)



Mga Kolehiyo na Nagbibigay ng Programa sa Pagsasanay ng Interpreter **(Interpreter Training Program, ITP)**

Annandale

Northern Virginia Community College
8333 Little River Turnpike
Annandale, VA 22003
Tanggapan: (703) 323-3000
Website: <https://www.nvcc.edu/>

Lynchburg

Liberty University
1971 University Boulevard
Lynchburg, VA 24515
Tanggapan: (434) 592-4025
Email: modernlanguages@liberty.edu
Website: [BA in American Sign Language & Interpreting | College of Arts & Sciences | Liberty University](#)

Norfolk

Tidewater Community College
1428 Cedar Road
Chesapeake, VA 23322
Tanggapan: (757) 822-5100
Website: [Arts and Humanities Career Pathway | TCC Arts Programs](#)

Richmond

Reynolds Community College
Parham Road Campus
1651 E. Parham Road
Richmond, VA 23228
Tanggapan: (804) 371-3000
Website: [American Sign Language \(ASL\) - English Interpretation | Reynolds Community College](#)



WEBSITE



YOUTUBE



MGA MOBILE APP

Mga Online na Mapagkukunan

Mga Website

ASL Bloom Online - <https://www.asl.bloom.com>

Ang ASL Bloom Online ay may malaking library ng sign, isang visual dictionary, at mga nakakatuwang aralin sa app, mabilis kang magkakaroon ng tunay na kumpiyansa sa pag-sign sa bahay, sa klase, o kahit saan. Maa-access ang lahat, lalo na sa mga bansang may mababang kita kung saan walang available na klase. Available din ang platform na ito sa YouTube at mobile app.

ASL Deafined - <https://www.asldeafined.com/>

Ang ASL Deafined ay isang website sa subscription para sa mga aralin na video ng ASL. Ang nilalaman ay para sa sinumang gustong matuto ng ASL, anuman ang edad. Ito ay dinisenyo upang turuan ang mga estudyante na Bingi, mga magulang ng mga batang Bingi, at ang komunidad sa pangkalahatan. Ang lahat ng aralin ay itinuturo ng mga eksperto sa ASL para sa mga bingi.

Described and Captioned Media Program - <https://dcmp.org/learn/510-asl-training-resources-for-parents-and-educators>

Ang Described and Captioned Media Program ang nangungunang mapagkukunan sa bansa para sa naa-access na nilalamang pang-edukasyon, na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga estudyante na bulag, may kapansanan sa paningin, bingi, mahina ang pandinig, o bingi-bulag. Ang mga pamilya at kawani ng paaralan na may mga mag-aaral na nasa maagang yugto ng pag-aaral hanggang Baitang 12 ay maaaring magparehistro para sa libreng access sa mahigit 6,000 na pamagat ng Educational Media na mapapanood on-demand at sa DVD. Ang aming Learning Center ay naglalaman ng maraming impormasyon na may kaugnayan sa edukasyon, accessibility, pagkabingi, pagkabulag, at iba pang kaugnay na mga paksa. Ibinibigay ng Kagawaran ng Edukasyon.

Gallaudet University ASL Connect – <https://www.gallaudet.edu/asl-connect>

Ang ASL Connect ay isang sentral na mapagkukunan para sa pag-aaral ng ASL at tungkol sa mga Pag-aaral sa Bingi online, kung saan ang lahat ng nilalaman ay ginawa ng mga scholar na mahusay sa ASL ng mga Bingi. Nagbibigay kami ng mga paraan para matuto ng ilang pangunahing ASL online para makapagsimula ka, at pagkatapos ay nagbibigay din kami ng lubos na nakakaengganyo at interactive na mga kurso sa ASL at mga Pag-aaral sa Bingi online.

Handspeak - <https://www.handspeak.com/>

Mga mapagkukunan ng sign language at mga extracurricular na materyales sa ASL (American Sign Language) para sa mga mahilig sa wika at kultura, mga estudyante at mag-aaral ng ASL, mga instructor at guro, mga interpreter, homeschooler, magulang at mga propesyonal para sa pagsasanay o mag-aaral nang mag-isa.

Lifeprint - <http://www.lifeprint.com>

Isang site na mapagkukunan para sa mga estudyante at guro ng ASL. Makikita mo rito ang impormasyon at mga mapagkukunan upang matulungan kang matuto ng ASL at mapahusay ang iyong mga kasanayan sa pagsenyas.

Sign Language 101 - <http://www.signlanguage101.com/>

Sa gabay ng mga eksperto sa wika ng Bingi, ang website ay nagbibigay ng bawat kurso na may markang bokabularyo, mga numero, tip tungkol sa pag-aaral ng ASL, pagsasanay sa pagbaybay gamit ang daliri, at espesyal na kaalaman sa Kultura ng Bingi.

Sign On - www.signonconnect.com

Ang “Virtual Immersion Program,” ang nag-uugnay sa mga komunidad ng mga taong nakakaranig at Bingi sa pamamagitan ng authentic learning immersion interaction (maaaring mayroon ilang fee).

Para sa mga magulang ng mga batang bingi, mayroon ding

access sa programang ito sa pamamagitan ng <http://deafchildren.org/sign-on/>

Mga YouTube Channel

ASL Bloom - <https://www.youtube.com/@aslbloom5842>

Ang ASL Bloom ay may 25 video ng aralin sa ASL.

ASLdeafined - <https://www.youtube.com/@ASLdeafinedcom>

Ang ASLdeafined ay isang mapagkukunan para sa sinumang gustong matuto kung paano mag-sign in sa format na ayon sa sariling bilis. Ang ASLdeafined ay may mahigit 300 aralin na partikular sa paksa, mga pagsasanay sa pag-alala, 16,000 diksyunaryong video, at marami pang iba.

ASL That - <https://www.youtube.com/user/chsasl/videos>

ASL na nagbibigay ng mga aralin sa ASL, bokabularyo ng ASL, at mga paksa sa ASL at Kultura ng Bingi.

American Sign Language University - <https://www.youtube.com/user/billvicars>
<https://www.youtube.com/@aslu>

Ang American Sign Language University ay isang mapagkukunan para sa mga estudyante ng ASL, mga guro, interpreter, at mga magulang ng mga batang Bingi.

Lingvano - <https://www.youtube.com/@lingvano>

Ang Lingvano ay binubuo ng isang internasyonal at magkakaibang pangkat ng Bingi at mga taong nakakaranig. Lahat ng guro ay Bingi at may matinding hilig sa pagtuturo ng mga Sign Language na available sa American Sign Language (ASL), British Sign Language (BSL), at Austrian Sign Language (OEGS).

Mga Mobile App

ASL Bloom - (Mga User ng Android) <https://play.google.com/store/apps/details?id=com.toleio.us>
(Mga User ng iOS) <https://apps.apple.com/us/app/asl-bloom-sign-language/>

Ang ASL Bloom ay isang mobile app na dinisenyo para sa pag-aaral ng American Sign language (ASL). Nagtatampok ito ng mahigit 25 module sa pag-aaral, komprehensibong pag-aaral na angkop para sa mga nagsisimula, at mga libheng online na mapagkukunan.

ASL Fingerspelling - <https://apps.apple.com/us/app/asl-fingerspelling-lifeprint-com/id605558017> Ang ASL Fingerspelling mobile app ng Lifeprint ay isang komprehensibong tool na dinisenyo upang tulungan ang mga user na mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa fingerspelling sa American Sign Language (ASL). Nagbibigay ang app ng iba't ibang pagsasanay, kabilang ang: pagsasanay sa pagbaybay gamit ang daliri, mga practice quiz, at mga animated na pagsusulit sa pagbaybay. Ang app ay available sa mga mobile browser, kaya naa-access ito ng mga user kahit saan.



ASL with Care Bears - (Mga user ng iOS lamang) <http://bit.do/aslwithcarebears>

Ang ASL with Care Bears, na hatid sa inyo ng mga gumagawa ng The ASL App, ay dinisenyo para sa mga batang nag-aaral ng American Sign Language. Puno ng mahigit 400 sign at parirala na may kaugnayan sa mga damdamin, libangan, kaibigan, pamilya, at marami pang iba, ang app na ito ay magpapanatiling abala ang iyong mga kamay. Matututunan ng mga bata ang mga karaniwang sign at sikat na parirala, ang mga natatanging pangalan ng sign ng Care Bears, at ang alpabetong ASL. Mas pinapadali ang pag-aaral ng sign sa pamamagitan ng kanilang “Read-Along” sa Ingles.

ASLdeafined - (Android Users) <https://play.google.com/store/apps/details?id=com.asldeafined.app>
(Mga User ng iOS) [ASLdeafined sa App Store](#)

Ang ASLdeafined ay isang website na nakabatay sa subscription para sa mga aralin na video ng American Sign Language (ASL). Ang nilalaman ay para sa sinumang gustong matuto ng ASL, anuman ang edad. Ito ay dinisenyo upang turuan ang mga estudyante na Bingi, mga magulang ng mga batang Bingi, at ang komunidad sa pangkalahatan. Available ang libreng trial.

InterSign ASL - (Mga User ng Android)
<https://play.google.com/store/apps/details?id=intersign.learn.asl>
(Mga User ng iOS) [InterSign ASL - Learn Now! sa App Store](#)

Ang InterSign ASL app ay isang mobile application na dinisenyo upang magturo ng American Sign Language (ASL) sa masaya at nakakaengganyong paraan. Nagtatampok ito ng mahigit 320 aralin, built-in na diksyunaryo at glossary ng ASL, interactive na mga aktibidad at mini-game upang mapanatiling kasiya-siya at epektibo ang pagkatuto.

Lingvano: Sign Language - ASL -
(Mga User ng Android)
<https://play.google.com/store/apps/details?id=com.lingvano.app>
(Mga User ng iOS) [Lingvano - Matuto ng Sign Language sa App Store](#)


Ang Lingvano Sign Language - ASL ay isang mobile app na dinisenyo upang magturo ng American Sign Language (ASL) sa mga nagsisimula. Nagbibigay ang app ng iba't ibang feature para mapadali ang pagkatuto, kabilang ang: mga aralin na video, maliliit na aralin, visual na aralin, pagsubaybay sa progreso, mga totoong diyalogo, at mga espesyal na reward.

Marlee Signs -
(Mga user ng iOS lamang) <https://apps.apple.com/us/app/marlee-signs-learn-american/id566054855>
Ang Marlee Signs app ay dinisenyo para sa pag-aaral ng American Sign Language (ASL) sa pamamagitan ng mga de-kalidad na demonstration na video na nagtatampok kay Marlee Matlin. Sakop ng mga app ang mga pangunahing kaalaman sa ASL, kabilang ang signed alphabet, pangunahing bokabularyo, mga karaniwang expression, seksyon ng pagbabaybay, at may setting na slow motion.

The ASL App - <https://www.theaslapp.com/>

Ang ASL APP ay tungkol sa pagtuturo sa iyo ng ASL sa pakikipag-usap. Puno ng mahigit 2,500 sign at parirala, madaling nabigasyon at mga tampok, na may iba't ibang mga signer, ang ASL App ay dinisenyo upang gawing madali, naa-access, at masaya ang pag-aaral. Maaari mong i-save ang mga paboritong sign (o ang mga sign na gusto mong mas sanayin), pumunta sa slow mode, at i-tap/i-scrub anumang oras na gusto mong i-pause o bumalik nang kaunti ang video. Ang app na ito ay available sa Android at iOS platform, ang mga link papunta sa mga app store ay available sa kanilang website.

Alpabeto ng American Sign Language



**Kagawaran para sa mga Bingi at
Mahina ang Pandinig ng Virginia**

1602 Rolling Hills Drive, Suite 203
Henrico, Virginia 23229

Pangunahin: (804) 662-9502
Walang Bayad: (800) 552-7917
VP: (804) 325-1290
Fax: (804) 662-9718

info@vddhh.virginia.gov
www.vddhh.virginia.gov

Facebook: @vddhh
YouTube: @VirginiaVDDHH